# Mga FAQ tungkol sa Pagpapatuloy ng Mga Operasyon sa Field para sa 2020 Senso

## BAKIT MAGPAPATULOY NA KAYO SA ILANG LUGAR?

Kumonsulta ang Kawanihan ng Senso ng U.S. sa mga opisyal sa kalusugan ng pederal, pang-estado, at lokal na pamahalaan at sa mga patnubay sa Pagbubukas Muli ng America (Opening Up America Again) sa <www.whitehouse.gov/openingamerica/> at natukoy nitong ligtas nang ipagpatuloy ang mga operasyon para sa 2020 Senso nang paunti-unti sa ilang lugar sa bansa. Pagkatapos ng masusing pagsusuri, natasa ng pamunuan ng operasyon ng Kawanihan ng Senso na ligtas na para sa aming mga empleyado at sa publiko na muling simulan ang mga operasyon sa mga piling lugar. Binibigyan ng pagsasanay at kagamitan ang mga empleyado upang makatulong sa pagpapanatili ng kaligtasan ng lahat habang isinasakatuparan namin ang ipinag-uutos sa amin ayon sa konstitusyon na bilangin ang populasyon sa U.S.

## ANO ANG MGA OPERASYONG IPAGPAPATULOY?

Kung ligtas na gawin sa isang partikular na lugar, ipagpapatuloy ng mga tauhan sa field para sa senso ang paghahatid ng mga palatanungan ng senso at ipagpapatuloy nila ang proseso ng pagkuha ng fingerprint at pag-hire ng mga bagong tauhan.

- Ipagpapatuloy ng Kawanihan ng Senso ang operasyon ng Pag-update Pag-iwan sa mga piling lugar. Ginagawa ang operasyong ito sa buong Puerto Rico at sa mga lugar ng estado kung saan ang karamihan ng sambahayan (mga magkakasama sa tirahan) ay hindi nakakatanggap ng sulat sa kanilang tirahan. Sinusuri ng mga tauhan sa field para sa senso ang bahagi ng mga lugar kung saan maaaring nakatira ang mga tao at ikinukumpara nila ang nakikita nila sa aming listahan ng address; gumagamit sila ng laptop sa pagve-verify, pagwawasto, pagde-delete, o pagdaragdag ng mga address; at nag-iiwan sila ng imbitasyon at palatanungan para sa senso sa harapang pinto.
- Sa mga estado kung saan ipinagpapatuloy namin ang operasyon ng Pag-update Pag-iwan, ipinagpapatuloy din ng mga tauhan ng Kawanihan ng Senso ang pagkuha ng fingerprint para sa mga bagong pag-hire upang tuloy-tuloy na makausad ang mga aplikante sa proseso ng pag-hire.

## SAANG LUGAR MAGPAPATULOY ANG MGA OPERASYON?

Ipagpapatuloy ang mga operasyon sa 2020 Senso sa mga lugar sa bansa na nakatutugon sa mga pamantayan ng Kawanihan ng Senso batay sa mga pederal, pang-estado, at lokal na patnubay. Makikita ang regular na naa-update na listahan ng mga lokasyon sa <https://2020census.gov/en/news-events/operational-adjustments-covid-19.html>.

## PAANO NINYO PINAGPAPASYAHAN KUNG SAAN MAGPAPATULOY?

Pinagpapasyahan ng pamunuan ng Kawanihan ng Senso ang lugar kung saan ipagpapatuloy ang mga operasyon batay sa mga pederal, pang-estado, at lokal na patnubay sa pampublikong kalusugan, mga lokal na kundisyon, at input mula sa mga lokal na lider. Tinatasa ng mga lider ng operasyon sa Kawanihan ng Senso ang kalagayan ng operasyon sa mga lugar ng estado, lokal, at tribo, at ang kakayahan ng mga tauhan ng Kawanihan ng Senso na ligtas na maipagpatuloy ang mga operasyon sa mga lugar na iyon.

Kumonekta sa amin
**@uscensusbureau**

Para sa higit pang impormasyon:
**2020CENSUS.GOV**

D-FS-GP-EN-028

**Shape your future START HERE >**

United States® Census 2020

## PAANO NINYO PINOPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEYADO AT ANG PUBLIKO?

Sa pagpapatuloy ng mga operasyon ng 2020 Senso, pinagsasama ng Kawanihan ng Senso ang mga pinakabagong pederal, pang-estado, at lokal na patnubay upang maitaguyod ang kalusugan at kaligtasan ng publiko at ng aming mga empleyado. Alinsunod sa pederal, pang-estado, at lokal na patnubay, may ibinibigay na mga face mask at guwantes ang Kawanihan ng Senso na maisusuot ng mga empleyado. Dagdag dito, magbibigay kami sa mga empleyado ng hand sanitizer. Mayroong virtual na pagsasanay para sa COVID-19 na kukumpletuhin ng mga tauhan sa field upang matiyak ang pagsunod nila sa mga naaangkop na protocol sa social distancing at sa lahat ng naaangkop na patnubay sa kalusugan at kaligtasan.

## KAILAN KAYO MAGPAPATULOY SA IBA PANG LUGAR SA BANSA?

Linggo-linggong tutukuyin ng Kawanihan ng Senso kung aling mga opisina ang maaari nang magsimula ulit ng mga operasyon at mag-aabiso ito palagi sa publiko sa <https://2020census.gov/en/news-events/operational-adjustments-covid-19.html>. Kung magbabago ang mga kundisyon pagkatapos ipagpatuloy ang mga operasyon, maaaring ihinto ng Kawanihan ng Senso ang trabaho sa ilang lugar upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga empleyado at ng publiko.

## PAANO MALALAMAN NG PUBLIKO NA BABALIK NA SA LUGAR ANG MGA TAUHAN SA SENSO?

Binabalak ng Kawanihan ng Senso na abisuhan ang publiko, aming mga tauhan, inihalal na opisyal, lokal na tagapagpatupad ng batas, pangunahing stakeholder, at lokal na media tuwing Biyernes tungkol sa kung saang lugar magpapatuloy ng kanilang trabaho ang mga tauhan sa senso sa susunod na linggo. La-update namin ang kasalukuyang listahan ng mga lokasyon sa <https://2020census.gov/en/news-events/operational-adjustments-covid-19.html>.

## KAILAN NINYO IPAGPAPATULOY ANG IBA PANG OPERASYON SA FIELD PARA SA 2020 SENSO?

Ipagpapatuloy o sisimulan ang iba pang operasyon ng 2020 Senso kapag umaayon na ang mga kundisyon. Patuloy na sinusubaybayan ng Kawanihan ng Senso ang mga pabago-bagong kundisyon sa estado at lokal na antas at pinag-aaralan nito kung kailan na maaaring simulan ang iba pang operasyon nang paunti-unti. Patuloy na magbibigay ng mga update ang Kawanihan ng Senso sa <https://2020census.gov/en/news-events/operational-adjustments-covid-19.html>.

## ANO ANG IBIG SABIHIN NITO PARA SA MGA TAONG NASA PROSESO NG PAG-HIRE PARA SA MGA TRABAHO SA 2020 SENSO?

Kinokonsulta ng Kawanihan ng Senso ang mga lokal na opisyal tungkol sa pagpapatuloy ng pagkuha ng fingerprint upang magtuloy-tuloy ang pag-usad ng mga aplikante sa proseso ng pag-hire. Makakakuha ng higit pang impormasyon sa <https://2020census.gov/en/jobs.html>.